

# ESPESYAL NA PRIMARYANG ELEKSYON UNANG SUPERBISORYAL NA DISTRITO IKA-8 NG ABRIL, 2025



## BOTO MO. BOSES MO!

Ang espesyal na primaryang eleksyon na ito ay upang punan ang bakanteng puwesto sa Unang Superbisoryal na Distrito ng County para sa natitirang kasalukuyang termino na magtatapos sa Enero 2029. Tanging ang mga botante lamang na naninirahan sa Unang Superbisoryal na Distrito ang siyang karapat-dapat na lumahok sa eleksyon.

Ang bawat aktibong rehistradong botante na naninirahan sa Unang Superbisoryal na Distrito ay makakatanggap ng isang balota sa koreo **sa linggo ng Ika-10 ng Marso**, na magbibigay sa inyo ng maraming oras upang ibalik ang inyong balota bago ang **Ika-8 ng Abril**.

### Narito ang inyong mga opsyon sa pagboto:

- Maaari ninyong kumpletuhin ang inyong balota sa ginhawa ng inyong tahanan at ibalik ito sa pamamagitan ng U.S. Postal Service. Ang inyong pirma ay kinakailangan upang mabilang ang inyong boto!
- **Simula Martes, Ika-11 ng Marso**, kayo ay magkakaroon ng opsyon na ihulog ang inyong balota sa isa sa 29 na mga opisyal na ballot drop box sa buong distrito.
- Kung mas nais ninyong bumoto nang personal, available din ang opsyon na iyon. Iwasan ang mga mahahabang linya sa pamamagitan ng mabuting paggamit sa benepisyo ng maagang pagboto!
  - **Simula Sabado, Ika-29 ng Marso**, pitong mga vote center ang magbubukas araw-araw mula ika-8 ng umaga hanggang ika-5 ng hapon hanggang sa huling araw ng pagboto sa Martes, Ika-8 ng Abril, kung saan ang labintatlong mga vote center ang magbubukas mula ika-7 ng umaga hanggang ika-8 ng gabi.



COUNTY NG  
SAN DIEGO

